Lando

Gloc 9

[Chorus]
Wag kang mabahala may nagbabantay sa dilim
Nag-aabang sa sulok at may hawak na patalim
Di ka hahayaan na muli pang masaktan
Wag ka nang matakot sa dilim

(GLOC 9)
Ito ay kwentong hango na galing sa dalawang taong
Nagmamahalan ng tunay ang ngala'y Elsa at Lando
At kahit parang pagkakataon ay nakakandado
Dahil magkalayo ang uri ng buhay ang estado
Ng buhay ni Lando ay di nalalayo sa marami
Sinunog ng araw ang kulay ng balat at
Marami ng galon ng pawis ang kanyan naidilig sa lupa
Upang ang gutom ay di masuklian pa ng luha
Habang ang babaeng kanyang minamahal ay sagana
Ngunit kabilang sa pamilya na di alintana makikipag-kapwa
Tao sa mga tulad niyang dukha
Gayon pa ma'y patuloy ang pagmamahal na pinunla ng pag-ibig

[Chorus]
Wag kang mabahala may nagbabantay sa dilim
Nag-aabang sa sulok at may hawak na patalim
Di ka hahayaan na muli pang masaktan
Wag ka nang matakot sa dilim

Isang gabi na Huwebes lumubog na ang araw
Doon tayo magkita pasalubong ko'y siopao
Upang ating paghatian pagdating ng hapunan
Meron palang nakaabang sa amin na kamalasan
Eskinita sa Ermita may sumaksak kay Elsa
Sa tagiliran isang makalawang na lanseta
Ang gamit upang makuha lang ang kanyang pitaka
Kami'y mahirap lamang bakit di na siya naawa
Hindi ko naabutang buhay ang aking mahal
At hanggang sa huling hantungan ay nagdarasal
Bakit po bakit po ang laging lumalabas
Sa 'king bibig palaboy-laboy ni walang landas
Akong sinusunod baliw sa mata ng marami

Siguro nga di ko na kilala aking sarili
Pangala'y taong grasa may patalim na gamit
At ang tanging alam ay isang malungkot na awit
At ang sabi...

[Chorus]
Wag kang mabahala may nagbabantay sa dilim
Nag-aabang sa sulok at may hawak na patalim
Di ka hahayaan na muli pang masaktan
Wag ka nang matakot sa dilim

Wag ka nang matakot sa dilim...

Lyrics provided by
https://damnlyrics.com/